# Estranghero at Iba Pang Mga Tula

ALLAN POPA

## Estranghero

May naitago ka na bang tao?
Ako, tatlo.

Isa sa aking pitaka,
isa sa ilalim ng kama,
at isa sa aklat,
sa pagitan ng mga pahina.

Gaano man kakitid,
naipagkasiya ko sila.

Isinuot ko ang mukha
ng pagmamaang-maangan
upang walang makahalata.
Sa salamin hindi ko nakilala
ang sariling mukha.

Natuto akong sumipol
upang magbigay ng babala
na nasa may bintana
ang naghahanap.

Sa awang at bitak
nag-abot ako ng pagkain,
mumunting mumo
at patak-patak ng maiinom
sa loob ng maraming taon.

Napakaliit
ng kanilang pangangailangan.

Natuto akong makinig
sa pinakamahinang bulong.
Naturuan ko ang mga mata
na makita ang pagdapo
ng alabok sa sulatang mesa.

Hanggang isang araw
naglaho sila sa kaliitan
at pagbukas ko ng pintuan
nakita ko sila sa sanlibutan.

## Tarangkahan

Hindi iyak ng babae ang narinig mo sa kusina kanina kundi nagdaang hangin lamang. Hindi hangin kundi katok sa pinto ang iyong pinagbukasan. Hindi katok sa pinto kundi tunog ng kadenang kinakaladkad sa semento. Hindi kadena kundi takatak ng lumang makinilya. Hindi makinilya kundi tunog ng paglakad ng isang bata sa mahabang pasilyo na nag-iwan ng mga bakas sa alikabok. Hindi mumunting hakbang kundi lagaslas ng tubig mula sa gripo sa tuyong banyo. Hindi tubig kundi sapatos ng nars na may dalang heringgilyang puno ng pampatulog. Hindi puting sapatos kundi umaapaw na laylayan ng abito ng paring walang ulo. Nakatingin siya sa malayo.

Mahal na Mambabasa, nagtatagpo tayo nang mata sa mata, hindi mo man ako nakikita.

# Biyahe

May nakatabi akong ale
sa loob ng siksikang jeep.
Hindi siya mapakali.
Bubuksan ang bag
sa kanyang kandungan,
hahalughugin,
isasara, bubuksan muli.
Nakangingilo ang paroo't
parito ng zipper.
Lumaki nang lumaki
ang kanyang ligalig
sa gitna ng trapik
at nasagi ang aking bisig.
Bumuka ang kanyang bibig.
May umalpas na ungol,
ilang katagang naipit
sa galit na hindi mawika,
hindi mabuo ang mura
na dumiriin sa ngalangala.
Hindi ako napakali.
Hindi nakausog.
Sinilip ko ang sariling bag.
Wala roon ang hinahanap.
Hindi ko malaman kung saan
ibabaling ang tingin.
Wari ko nakatitig ang lahat
ng pasahero sa akin.
Hanggang magsalubong
ang aming mga matang
punong-puno ng pangamba
at habag sa isa't isa.

## Ang Tagagawa ng Palaisipan

Katulad ng silid mo, may apat na sulok din ang kanyang silid. Ngunit sa pakiramdam niya, hindi pantay ang haba ng bawat panig. Gusto niyang tinatalikuran ang bintana. Lagi niyang iniiwang bahagyang nakaawang ang pinto. Hindi niya rin ito hinaharap. Pipikit siya para makiramdam. Kapag sapat na ang talas ng mga linyang hindi nagtatagpo, ilalatag niya sa mesa ang blangkong papel. At hahanay ang mga liwanag na pinahintulutan niya sa silid sa kanyang likuran. Umaga na. Punong-puno ng mapagkukublihan ang mga sulok ng kanyang silid.

## Pinakamahaba ang Gabi sa Panitikan

Isa kang bata sa harap
ng estrangherong naghihingalo
sa gitna ng gubat.

Mabigat ang kanyang habilin
na tila hindi makakayang gawin
ng mumunti mo pang kamay
ngunit susunod ka sa kanyang pakiusap.

Hahakutin mo ang mga panggatong
para gumawa ng apoy
na susunog sa kanyang bangkay.
Kasama niyang mabubura ang iyong ina.
Hindi sila maaaring makilala.

Minsan nang lumambitin
sa iyong harap ang daan palayo
sa anyo ng mahabang lubid
mula sa bunganga ng kampanang
basyo ang tinig sa iyong pandinig.
Hindi mo ito nagawang kapitan
o igapos sa sariling leeg.

Nakadiin ang gabi sa katawan
ng lalaking hindi mo malalapitan.
Ikaw ang huling makakikita
sa kanyang mukha, bata.

## Alinsunod Kay Victor Hugo

Sa kabila ng karahasang nagawa natin
sa isa't isa, sa kabila ng mga kasinungalingan
na pinaniwalaan upang makapahinga,
sa kabila ng mga pagdurusang
pinipiling hindi makita,
sa kabila ng mga nilimot na,

magsusulat ka,
gamit ang mga kamay
na marami na ring nagawang pagkakasala,
ngunit naniniwalang may mababago pa,
kahit munti, kahit kaunti, dito sa pahina,
ibig sabihin, dito sa lupa.